EPHESIANS

# IN CHRIST

## Gabay sa Pananalangin at Pag-aayuno sa Kalagitnaan ng Taon

**HULYO 3-5, 2018**

FILIPINO

EPHESIANS

# IN CHRIST

Gabay sa Pananalangin at Pag-aayuno sa Kalagitnaan ng Taon

**HULYO 3-5, 2018**

VICTORY

© 2018 ng Victory. Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Ang sipi ng Kasulatan, maliban na lamang kung binanggit, ay hango sa Ang Salita ng Dios®.
Karapatang Pag-aari © 2010, 2014 ng Biblica®.
Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.
Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

# NILALAMAN

Isang Praktikal na Gabay sa Pag-aayuno . . . . . . 1

Itinakdang Uri ng Pag-aayuno . . . . . . . . . . . . . . . 5

Nais Makamtan sa Pananampalataya . . . . . . . . 7

Mga Pangako sa Pananalangin . . . . . . . . . . . . . . 8

**Bago Ka Mag-Ayuno:**
Naghahari sa Kalangitan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 10

***Day* 1:** Katayuan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 14

***Day* 2:** Karunungan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 18

***Day* 3:** Kalakasan at Awtoridad . . . . . . . . . . . . . 22

# ISANG PRAKTIKAL NA GABAY SA PAG-AAYUNO

## Bakit tayo nag-aayuno?

Ang pag-aayuno ay isang espirituwal na instrumento na ginagamit ng Diyos upang palaganapin ang Kanyang kaharian, baguhin ang kahihinatnan ng mga bayan, pasiklabin ang pagbabago, at maghatid ng katagumpayan sa buhay ng mga tao.

### Si Jesus ay nag-ayuno.

> [1]*Pagkatapos nito, dinala ng Banal na Espiritu si Jesus sa ilang upang tuksuhin ng diyablo.* [2]*Nag-ayuno doon si Jesus ng 40 araw at 40 gabi, kaya nagutom siya.*
>
> MATEO 4:1,2
>
> *Bumalik si Jesus sa Galilea na taglay ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kumalat sa lahat ng lugar doon ang balita tungkol sa kanya.*
>
> LUCAS 4:14

Alam ni Jesus na kakailanganin Niya ang espirituwal na kalakasan upang matupad ang Kanyang layunin. Inihahanda tayo ng pag-aayuno para gawin ang mga ipapagawa ng Diyos sa atin.

## Ang pag-aayuno ay isang pagpapakita ng pagpapakumbaba at paglilinis ng sarili.

> *Doon sa tabi ng Ilog Ahava, sinabi ko sa grupo na mag-ayuno kami at magpakumbaba ng mga sarili namin sa presensya ng aming Diyos para hilingin sa kanya na ingatan kami sa paglalakbay, pati ang aming mga anak at mga ari-arian.*
> EZRA 8:21

Habang tayo'y nagpapakumbaba sa pamamagitan ng pananalangin at pag-aayuno, natatanggap natin ang biyaya ng Diyos at makakalapit tayo sa puso Niya.

## Ang pag-aayuno ay tumutulong sa atin na maging sensitibo sa Banal na Espiritu.

> *Habang sumasamba sila sa Panginoon at nag-aayuno, sinabi ng Banal na Espiritu sa kanila, "Italaga ninyo para sa akin sina Bernabe at Saulo, dahil may ipapagawa ako sa kanila."*
> MGA GAWA 13:2

Kung ipagkakaila natin sa ating sarili ang mga natural nating hinahangad at mga makamundong kaabalahan, tayo ay magiging sensitibo sa tinig ng Diyos. Kung gayon, maibibigay natin ang ating pansin sa Diyos at makapagpapasakop tayo sa kagustuhan Niya.

## Ang pag-aayuno ay nagdadala ng pagbabago.

> *". . . at kung ang mga mamamayan ko na aking tinawag ay magpakumbaba, manalangin, dumulog sa akin, at tumalikod sa ginagawa nilang kasamaan, diringgin ko sila mula sa langit at patatawarin ang kanilang kasalanan, at pagpapalain ko ulit ang kanilang lupain."*
> 2 CRONICA 7:14

Sa buong kasaysayan, makikita na ang Diyos ang nagdadala ng pagbabago sa mga bayan at nagpapalaya sa kanila mula sa kapahamakan bilang tugon sa panalangin at pag-aayuno. Ang pag-aayuno ay nakakatulong upang tayo ay magwagi sa panalangin.

**Ang pag-aayuno ay mabuti sa ating kalusugan.**

Dahil sa pag-aayuno, natatanggal ang mga lason sa ating sistema ng pagtunaw ng pagkain. Itinuturing ng mga doktor ang pag-aayuno bilang sagot sa ibang *allergy* at sakit. Sa pagsasanay natin ng disiplina, nawawakasan ng pag-aayuno ang mga hindi magagandang adiksiyon sa ating buhay.

# Pagpaplano ng Iyong Pag-aayuno

> *Pagkatapos, sinabi ni Josue sa mga tao, "Linisin ninyo ang inyong sarili dahil bukas ipapakita sa inyo ng Panginoon ang mga kamangha-manghang bagay."*
> JOSUE 3:5

**Manalangin**—Maglaan ng oras sa pagbabasa ng Bibliya bago ang pag-aayuno. Hingin sa Banal na Espiritu na gabayan ka sa iyong mga panalangin. Sa pahina 7-9, isulat ang mga ipinapanalangin mo para sa iyong pamilya, mga kaibigan, iglesya, at bayan.

**Magpasya**—Ipanalangin ang uri ng pag-aayuno na gagawin mo at magpasyang gawin ito bago pa man magsimula ang pag-aayuno. Itala ang iyong itinakdang uri ng pag-aayuno sa pahina 5. Hingin sa Diyos na tulungan kang maisakatuparan ang planong ito.

**Magsagawa**—Dahan-dahang bawasan ang pagkain ilang araw bago magsimula ang pag-aayuno. Iwasan ang mga pagkaing matamis at mamantika. Iwasan din ang nakakapagod na mga gawain at ang pakikisalamuha sa mga tao sa linggo ng pag-aayuno. Humanap ng makakasama sa pananalangin at papirmahin ang taong ito sa pahina 7.

> **TANDAAN:** *Kumonsulta sa doktor lalo na kung ikaw ay buntis, nagbibigay ng gatas sa sanggol, o kaya ay umiinom ng gamot. Kung hindi ka maaaring ganap na mag-ayuno, itakda kung ano ang pinakamainam para sa iyo.*

# Habang Nag-aayuno

> *Pero sumagot si Jesus, "Sinasabi sa Kasulatan, 'Hindi lang sa pagkain nabubuhay ang tao kundi sa bawat salita ng Diyos.'"*
> MATEO 4:4

**Magtuon ng pansin**—Maglaan ng oras upang sagutan ang debosyonal na ito. Maging handang tumugon sa Salita ng Diyos at sa sasabihin ng Banal na Espiritu.

**Manalangin**—Makibahagi kahit sa isang sama-samang pananalangin sa iyong iglesya. Manalangin para sa iyong pamilya, iglesya, pastor, bayan, mga paaralan, at mga misyon sa buong linggo.

**Magpalakas**—Sa tuwing oras ng pagkain, magbasa ng Bibliya at manalangin. Uminom ng maraming tubig at magpahinga tuwing may oras. Maging handa sa mga pasumpong-sumpong na panghihina, kawalan ng pasensiya, at pagiging mainisin.

# Paghinto sa Pag-aayuno

> *14 At may kapanatagan tayo sa paglapit natin sa Diyos, dahil naniniwala tayong ibibigay niya sa atin ang anumang hilingin natin na ayon sa kanyang kalooban. 15 At kung alam nating nakikinig sa atin ang Diyos, alam nating tinatanggap na natin ang hinihiling natin sa kanya.*
> 1 JUAN 5:14,15

**Kumain**—Kumain muli nang paunti-unti. Kailangan ng iyong katawan ng panahon upang manumbalik sa pangkaraniwang pagkain. Simulan sa pagkain ng prutas at *salad*, at pag-inom ng *juice*, at saka dagdagan ng mga gulay. Kumain ng maliliit na bahagi sa buong araw.

**Manalangin**—Huwag huminto sa pananalangin! Magtiwala sa katapatan at tamang panahon ng Diyos. Ipagpatuloy ang iyong panibagong sigla sa Diyos ngayong taon. Manalig na tutugunin ng Diyos ang iyong mga panalangin.

# ITINAKDANG URI NG PAG-AAYUNO

## *Day* 1

**Mga Pagpipilian:**

- ☐ Tubig lamang
- ☐ Sabaw o inumin lamang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lamang
- ☐ Iba pa ____________________

Pupuntahang Pagtitipon:

____________________________

## *Day* 2

**Mga Pagpipilian:**

- ☐ Tubig lamang
- ☐ Sabaw o inumin lamang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lamang
- ☐ Iba pa ____________________

Pupuntahang Pagtitipon:

____________________________

## *Day* 3

**Mga Pagpipilian:**

- ☐ Tubig lamang
- ☐ Sabaw o inumin lamang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lamang
- ☐ Iba pa ____________________

Pupuntahang Pagtitipon:

____________________________

# NAGPAPASALAMAT AKO SA DIYOS PARA SA ...

## Mga Nasagot na Panalangin

*Isulat ang mga magagandang nangyari, nasagot na mga panalangin, at mga aral na iyong natutunan ngayong 2018.*

# PARA SA NATITIRANG BAHAGI NG 2018, NANINIWALA AKO SA DIYOS PARA SA . . .

## Aking Nais Makamtan sa Pananampalataya

*Espirituwal na Pagbabagong Buhay • Pisikal na Paggaling •*
*Kaunlaran at Kasaganaan • Masaganang Pagbibigay*

## Aking Pamilya

*Pagpapanumbalik ng mga Nasirang Relasyon • Kaligtasan ng Sambahayan*

## Aking Paaralan/Trabaho

*Kahusayan • Pagtaas ng Posisyon*

## Aking Paglilingkod

*Paglago ng Victory Group • Kaligtasan ng mga Kamag-aral o Kasama sa Trabaho*

**Kasama sa Pananalangin**

*"Sinasabi ko rin sa inyo na kung magkasundo ang dalawa sa inyo rito sa mundo na ipanalangin ang anumang bagay, ipagkakaloob ito ng aking Amang nasa langit."*

MATEO 18:19

# NANGANGAKO AKONG MANANALANGIN PARA KINA . . .

**Pangalan** **Mga Ipinapanalangin**

# NANGANGAKO AKONG MANALANGIN PARA SA . . .

## Aking Iglesya

*Pamunuan ng Iglesya • Pagkakaloob • Pagdidisipulo*

## Aking Komunidad

*Mga Paaralan at Institusyong Pang-edukasyon • Lokal na Pamahalaan • Mga Pagkakataon upang Makapaglingkod*

## Aking Bayan

*Mga Opisyal ng Pamahalan • Pagbabagong Espirituwal • Pag-unlad ng Ekonomiya • Kapayapaan at Kaayusan*

BAGO KA MAG-AYUNO

# NAGHAHARI SA KALANGITAN

**BASAHIN** MGA TAGA-EFESO 1:3,13,14,19-21

> *Purihin natin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo! Dahil sa pakikipag-isa natin kay Cristo ibinigay niya sa atin ang lahat ng pagpapalang espirituwal mula sa langit.*
> MGA TAGA-EFESO 1:3

Isinulat ni Apostol Pablo ang liham na ito sa iglesya ng Efeso, na noong mga panahong iyon, ay nasa sentro ng mga gawaing espirituwal (gaya ng mahika, diyos-diyosan, at okultismo). Ang mga gawaing ito sa espirituwal na mundo ay naghatid ng kamalian at kahirapan sa mga tao at maging sa buong bayan. Sinalungat ni Pablo ang kanilang sitwasyon gamit ang katotohanan—tinanggap natin *ang lahat ng pagpapalang espirituwal mula sa langit* o espirituwal na mundo sa bisa ng ating pagkakakilanlan kay Cristo, na naglalagay sa atin na iukol ang tagumpay ni Cristo laban sa mga espirituwal na pagsalungat na kakaharapin natin habang nabubuhay tayo para sa Diyos at nakikibahagi sa Kanyang gawain.

Ang ibang mga taga-sunod ni Cristo ay maaaring hindi nalalaman ang espirituwal na mundo at ang mga pagsalungat sa ating pananampalataya at pagkatawag. Sa kabila nito, tayo ay nakalaang magtagumpay dahil sa kapangyarihan at presensya ng Banal na Espiritu sa ating mga buhay.

Inihayag ni Pablo na dahil tayo ay nakay Cristo, tayo ay pinagpala ng lahat ng espirituwal na pagpapala sa kalangitan. Ito ay tumutukoy sa ating relasyon at pakikipag-isa sa Diyos. Ang ating kaligtasan ay isang makapangyarihang gawa na sinimulan ng Ama, isinakatuparan ni Cristo, at inilalapat sa ating buhay ng Banal na Espiritu. Ang Banal na Espiritu ay parehong katibayan at pangako ng ating kaligtasan at pamana sa hinaharap. Si Jesu-Cristo ay nakaupo sa kanan ng ating Ama sa langit, mas nakatataas sa "kapangyarihan" na nagdudulot ng labis na takot sa ating mga buhay.

Dahil dito, ang ating kaligtasan at ang katotohanan ng kaharian ay hindi lamang isang bagay na pinaniniwalaan natin sa pamamagitan ng pananampalataya. Ito ay may patunay: ang Banal na Espiritu! Ang Kanyang pagpapakita, kaloob, kapangyarihan, at bunga ay patunay ng Kanyang presensya. Ang Banal na Espiritu ang nagbibigay sa atin ng kapangyarihan na makipaglaban sa kaaway, magpalaganap ng kaharian ng Diyos, at magpatuloy sa ating pananampalataya.

# ISAPAMUHAY

Anong pagsubok ang kinakaharap mo ngayon? Paano nabago ang paraan ng pagharap mo rito ng kaalaman ng iyong pagkakakilanlan kay Cristo at Kanyang katagumpayan?

Dahil sa kaalamang ang Banal na Espiritu ang ating kasiguraduhan, anong pangako ang sinasabi ng Diyos na panghawakan mo? Paano ka natutulungan ng pangakong ito upang harapin ang mga pagsubok mo sa buhay?

Ilaan ang susunod na tatlong araw para sa pananalangin at pag-aayuno sa Diyos. Ipanalangin na bigyan ka ng Banal na Espiritu ng kapangyarihan upang maging masigasig sa pananampalataya at ihayag ang tagumpay ni Cristo sa bawat espirituwal na pagsalungat.

# MANALANGIN

Ama namin sa langit, salamat na kay Cristo, natanggap ko na ang lahat ng espirituwal na pagpapala sa kalangitan. Alam ko na kahit pa may mga pagsubok at espirituwal na laban na kailangan kong harapin, sa huli, nasa akin ang tagumpay kay Cristo. Habang nabubuhay ako para sa iyo araw-araw, nawa'y palakasin ako ng Banal na Espiritu upang maisapamuhay ang aking kaligtasan, matapang na harapin ang mga laban, ipangaral ang ebanghelyo, at magpatuloy sa pananampalataya. Ipinapanalangin ko ito sa pangalan ni Jesus. Amen.

## Tuon sa Panalangin

- ☐ Personal na Panalangin (pahina 7)
- ☐ Panalangin para sa mga Kahilingan (pahina 8)
- ☐ Aking Iglesya (pahina 9)
- ☐ Aking Komunidad (pahina 9)
- ☐ Aking Bansa (pahina 9)

*DAY 1*

# KATAYUAN

> [4]*Ngunit napakamaawain ng Diyos at napakadakila ng pag-ibig niya sa atin,*
> [5]*na kahit itinuring tayong patay dahil sa mga kasalanan natin, muli niya*
> *tayong binuhay kasama ni Cristo. (Kaya naligtas tayo dahil lamang sa biyaya*
> *ng Diyos.)* [6]*At dahil sa pakikipag-isa natin kay Cristo Jesus, binuhay tayo ng*
> *Diyos mula sa mga patay kasama ni Cristo, para maghari tayong kasama*
> *niya sa kaharian sa langit.* [7]*Ginawa niya ito para maipakita niya sa lahat,*
> *sa darating na panahon, ang hindi mapapantayang kasaganaan ng biyaya at*
> *kabutihan na ibinigay niya sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus.*
> MGA TAGA-EFESO 2:4-7

Nagawa mo na bang tumingin sa bintana ng isang eroplano na 50,000 na talampakan ang layo mula sa lupa? Sa mataas na posisyong ito, makikita mo ang mundo sa ibang pananaw. Ang makita ang mga ulap, dagat, at maging ang lupa mula sa himpapawid ay magpaparanas sa iyo ng isang naiibang mundo.

Tulad nito, nang bigyang diin ni Pablo na ang bawat mananampalataya ay naghahari kasama ni Cristo sa langit, tayo ay nabigyan ng ibang pananaw tungkol sa paraan natin ng pakikisalamuha sa mundo at sa buhay na dapat nating isabuhay kay Cristo. Ano ang ibig sabihin ng paghahari kasama ni Cristo sa kaharian sa langit?

**Ang paghahari kasama ni Cristo ay isang posisyon ng kapahingahan.** Nang matapos ni Jesus ang layunin Niya sa lupa, Siya ay naupo. Tayo ay dapat na mamahinga sa tinapos na gawain ni Cristo, at hindi magsumikap sa ating sariling kakayanan. Bagkus, dapat tayong umasa sa *hindi mapapantayang kasaganaan ng biyaya Niya at kabutihan na ibinigay Niya sa atin.*

**Ang paghahari kasama ni Cristo ay isang posisyon ng pamamahala.** Si Jesus ay nakaupo sa kanan ng Diyos sa langit (1 Pedro 3:22). Ito ay nangangahulugan na hindi na tayo nakatali o kaya ay pinamumunuan ng mundo at ng mga pinahahalagahan nito, kundi tayo ay nasa posisyon ng tagumpay at paghahari sa kasalanan at kay Satanas.

**Ang paghahari kasama ni Cristo ay isang posisyon ng samahan.** Tayo ay may daan papunta sa trono ng maawaing Diyos (Mga Hebreo 4:16). Maaari tayong lumapit sa Diyos nang may lakas ng loob. Kung mauunawaan natin ang katotohanang ito, magagawa nating maging matatag sa ating pananampalataya.

Ngayong alam natin na tayo ay naghahari kasama ni Cristo, magagawa nating magpahinga sa Kanyang ginawa, mamuhay nang may ganap na kalayaan, at lumapit sa Kanyang presensya nang walang pag-aalinlangan. Kasama ni Cristo, tayo ay nakikibahagi sa Kanyang kapangyarihan at tagumpay.

# ISAPAMUHAY

Pakiramdam mo ba ay sinusubukan mo pa ring harapin ang mga pagsubok gamit ang sarili mong kakayanan? Hingin sa Diyos na ipaalala sa iyo na sa pamamagitan ng Kanyang Salita, ikaw ay may kapahingahan at kalakasan sa Kanya. Isulat ito, kabisaduhin, at itala ang mga naintindihan mo tungkol dito.

May mga bahagi ba ng buhay mo kung saan pakiramdam mo ay wala kang magawa? Ihayag ang Kanyang Salita sa iyong kalagayan upang maranasan mo ang Kanyang kalayaan.

Maglaan ng oras sa pananatili sa presensya ng Diyos habang patuloy kang lumalapit sa kanyang trono. Maghayag ng panalangin ng pasasalamat para sa Kanyang kapangyarihan, awa, at kabutihan sa iyong buhay. Ayon sa Mga Taga-Efeso 2, ano ang kalagayan natin noong wala pa si Cristo sa ating buhay? Ano ang ginawa ng Diyos para sa atin? Ano ang nag-udyok sa Diyos na gawin ito?

# MANALANGIN

Ama namin sa langit, maraming salamat sa dakilang pag-ibig na ibinigay Mo sa amin. Nauunawaan ko na ngayon ang katotohanan na ako ay binuhay Mo kasama ni Cristo upang maghari kasama Niya sa langit. Salamat po na dahil dito, kaya kong mamahinga sa ginawa ni Cristo at buo ang loob na lumapit sa Kanya. Tulungan Mo po akong maalala na ang kapangyarihan at tagumpay ay ibinahagi na sa akin ni Cristo, upang magawa kong mamuhay nang may kalayaan. Nawa ay mabigyan Ka ng papuri sa lahat ng bahagi ng buhay ko habang ako ay nabubuhay sa Iyong kalakasan at kabutihan. Ang lahat ng ito ay ipinapanalangin ko sa makapangyarihang pangalan ni Jesus. Amen.

## Tuon sa Panalangin

- ☐ Personal na Panalangin (pahina 7)
- ☐ Panalangin para sa mga Kahilingan (pahina 8)
- ☐ Aking Iglesya (pahina 9)
- ☐ Aking Komunidad (pahina 9)
- ☐ Aking Bansa (pahina 9)

DAY 2

# KARUNUNGAN

> [8]*Kahit ako ang pinakahamak sa lahat ng mga mananampalataya, ipinagkaloob pa rin sa akin ng Diyos ang pribilehiyong ipangaral sa mga hindi Judio ang hindi masukat na biyayang mula kay Cristo,* [9]*at ipaliwanag sa lahat kung paano maisasakatuparan ang plano ng Diyos. Noong una'y inilihim ito ng Diyos na lumikha ng lahat ng bagay,* [10]*para sa pamamagitan ng iglesya ay maipahayag ngayon sa mga namumuno at may kapangyarihan sa kalangitan ang karunungan niyang nahahayag sa iba't ibang paraan.*
> MGA TAGA-EFESO 3:8-10

Ang karunungan ay isang mailap na katangian at labis na hinahanap ng mundo. Ang Diyos ang pinagmumulan ng karunungan, at ang Iglesya ang pinakadakilang paghahayag ng karunungang ito. Ang karunungan ng Diyos ay tulad ng liwanag at ang iglesya ay tulad ng isang prisma. Kapag ang liwanag ay tumama sa prisma, makikita natin ang bahaghari ng magagandang kulay. Sinabihan ni Pablo ang iglesya na sa pamamagitan niya, ang kabuuan ng karunungan ng Diyos ay maihahayag.

Ang karunungan ng Diyos ang katangian na nagpapakita ng pamamaraan kung paano Niya isinasaayos ang Kanyang mga plano at layunin at kung paano Niya isinasakatuparan ang Kanyang mga kagustuhan. May tatlong paraan kung paano natin makikita ang iba't ibang kulay ng karunungan ng Diyos sa pamamagitan ng Iglesya:

**Pagtubos.** Ang pagtubos sa tao ay isa sa pinakadakilang paghahayag ng karunungan ng Diyos. Ito ay isang kuwento kung paano tayo, na Kanyang mga kaaway, itinutuwid ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo. Ang pagtubos sa tao ay nakamit lamang sa pamamagitan ng dakilang karunungan ng Diyos, kung saan ang ating buhay sa kasalanan ay naging kuwento ng kaligtasan. Bagama't minsan ay hindi nangyayari ang ating plano, maaari pa rin tayong magtiwala sa Diyos at sa Kanyang karunungan na tutuparin Niya ang Kanyang plano at layunin sa ating mga buhay, sa Kanyang pamamaraan at takdang oras.

**Pakikipagkasundo.** Sa paglipas ng panahon, ang kaaway ay nagtanim ng hindi pagkakasundo at gumawa ng digmaan sa pagitan ng mga pamilya, grupo ng tao, at mga bansa. Subalit giniba ni Cristo ang pader ng labanan sa pagitan ng kasarian, lahi, katayuan sa buhay, katalinuhan, at doktrina. Ang karunungan ng Diyos ay naipakita sa pamamagitan ng pagsasama ng mga Judio at hindi Judio sa iisang katawan—ang Iglesya. Tayo ay hindi lamang tagatanggap ng pagkakasundong ito. Tayo rin ay daluyan ng pagkakasundo sa mundo na nangangailangan nito upang sama-sama nating maipakita ang karunungan ng Diyos.

**Pagsasalamin.** Ang pagkakaroon ng buhay na malaya sa kasalanan ay tila hindi makatotohanan sa mundong sanay sa kompromiso. Subalit dahil sa tayo ay tinubos ni Cristo at pinalaya sa kasalanan, kaya nating mamuhay nang may kalayaan at tularan ang pamumuhay ni Cristo. Kung tayo ay mamumuhay ayon sa ebanghelyo, sumasalamin sa liwanag ng Diyos, ang Kanyang karunungan ay ganap na makikita at makapagbibigay ng pag-asa sa mundo.

Iba't iba ang pagpapakita ng Kanyang karunungan sa lahat ng kuwento ng kaligtasan. Si Pablo ay nabulag habang siya ay papunta sa Damascus. Ang tagapamahala ng kulungan sa Filipos ay nayanig ng isang lindol. Ang isang opisyal sa Ethopia ay napa-isip ng isang pahayag mula sa Kasulatan. Ang iba't ibang mga sitwasyong ito ay humantong sa kaligtasan ng mga taong nasa kuwento. Isipin ang mga kaganapan at oras ng pagligtas sa iyo ng Diyos. Ibang kuwento ng kaligtasan ang ginamit ng Diyos bilang bahagi ng kabuuan Niyang plano.

Sa tuwing ang ating realidad ay nagiging madilim, maaari tayong magtiwala sa karunungan at tamang oras ng Diyos na gumuguhit ng magandang kinabukasan para sa atin. Ito rin ay nangangahulugan na gusto Niya tayong gamitin upang maipakita ang iba't ibang kulay ng Kanyang pag-ibig at karunungan sa isang madilim na mundo.

# ISAPAMUHAY

Alalahanin ang situasyon kung paano ka iniligtas ng Diyos at kung paano ka tumugon sa ebanghelyo. Paano napakita ang karunungan ng Diyos sa iyong buhay at sa pamamagitan ng iyong kuwento ng kaligtasan?

Sa tatlong paraan kung paano ipinapakita ng iglesya ang liwanag ng Diyos, (pagtubos, pakikipagkasundo, at pagsasalamin) ano ang kailangan mo pang maranasan sa buhay mo? Ano ang gagawin mo ngayon upang panghawakan ang karunungan, kapangyarihan, at tagumpay na mayroon tayo kay Cristo sa buhay mo?

Naisasapamuhay mo ba ang kapangyarihan at tagumpay na mayroon ka kay Cristo, habang sinasalamin sa mundo ang Kanyang karunungan at kalayaan? Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang isang tao sa buhay mo na kailangang makaranas ng pagtubos, kalayaan sa kasalanan, o kaya ay pakikipagkasundo sa nasirang relasyon. Ipanalangin at tulungan siya ngayong linggo.

# MANALANGIN

Ama sa langit, maraming salamat sa pagtubos at pagpapanumbalik sa akin ng Iyong sarili sa pamamagitan ng Iyong banal na karunungan. Salamat sa biyaya at kakayahang binibigay Mo upang makapangaral ng ebanghelyo at maipakilala Ka sa mundo. Habang ako'y nabubuhay sa Iyong pagtawag sa akin, nawa'y maipaalam ko sa mundo ang Iyong karunungan. Sa pangalan ni Jesus, ito ang aking dalangin. Amen.

## Tuon sa Panalangin

- ☐ Personal na Panalangin (pahina 7)
- ☐ Panalangin para sa mga Kahilingan (pahina 8)
- ☐ Aking Iglesya (pahina 9)
- ☐ Aking Komunidad (pahina 9)
- ☐ Aking Bansa (pahina 9)

*DAY 3*

# KALAKASAN AT AWTORIDAD

> [10]*At bilang pangwakas, magpakatatag kayo sa Panginoon sa pamamagitan ng dakila niyang kapangyarihan.* [11]*Gamitin ninyo ang lahat ng kagamitang pandigma na ibinigay sa inyo ng Diyos para malabanan ninyo ang mga lalang ng diyablo.* [12]*Sapagkat ang kalaban natin ay hindi mga tao kundi masasamang espiritu sa himpapawid—mga pinuno, may kapangyarihan at mga tagapamahala ng kadilimang namamayani sa mundong ito. . . .* [18]*At manalangin kayo sa lahat ng oras sa tulong ng Banal na Espiritu. Ipanalangin ninyo ang lahat ng dapat ipanalangin. Huwag kayong magpabaya; patuloy kayong manalangin lalo na para sa lahat ng mga pinabanal.*[19]*Ipanalangin din ninyo ako sa tuwing mangangaral ako, na bigyan ako ng Diyos ng wastong pananalita para maipahayag ko nang buong tapang ang Magandang Balita na inilihim noon.*
>
> MGA TAGA-EFESO 6:10-12,18,19

Sa kanyang aklat na *Fuzzy Memories*, sinulat ni Jack Handey na “Mayroong siga na laging nangunguha ng pera kong pang-tanghalian araw-araw. Dahil mas maliit ako, ibinibigay ko na lang ito sa kanya. Hanggang sa magdesisyon akong lumaban. Nagsimula akong mag-aral ng *karate*, pero yung nagtuturo ay humihingi ng 5 dolyar na bayad bawat klase. Kay mahal! Naisip kong mas mura kung magbibigay na lang ako ng pera sa maton, kaya huminto na lang ako sa pag-aaral ng *karate*.”

Maraming tao, maging mga Kristiyano, ang naaapi sa espiritu dahil hindi nila alam na mayroong labanang nagaganap. Hindi nila naiintindihan ang espirituwal na labanan at hindi nila alam kung paano makikipaglaban sa kapangyarihan at kadiliman sa mundo. Nang tayo ay maging mga Kristiyano, ang mga kalaban ng Diyos—si Satanas at ang kanyang pangkat—ay naging mga kalaban din natin. Alam mo man o hindi, tayo ay nasa espirituwal na labanan at tayo ay may tunay na kaaway. Sinabi ni Pablo na ang ating mga kaaway ay *hindi mga tao*, kung kaya’t ang mga tao na sumasalungat sa iyo ay ginagamit lamang ng kaaway upang pigilan kang tuparin ang kagustuhan ng Diyos. Ang ating tunay na kaaway ay si Satanas, na siya ring tinawag na *diabolos*— ang kalaban o ang sumasalungat sa atin.

Sa Kanyang karunungan, hinahayaan tayo ng Diyos na matutong makipaglaban sa espituwal na labanan at binigyan tayo ng mga kagamitang pandigma upang talunin ang kaaway. Paano?

Una, **isuot ang kagamitang pandigma ng Diyos!** Tayo ay binigyan ng talukab mula sa Diyos upang malabanan ang mga plano ng demonyo. Maaaring tumatak sa isipan ni Pablo ang imaheng ito dahil siya ay nakakadena sa isang guwardiyang taga-Roma na naka-suot ng buong kagamitang pandigma habang isinusulat niya ang liham na ito. Ang bawat kagamitan ay may makapangyarihang katotohanan na nagbibigay sa atin ng proteksiyon laban sa kaaway. Subalit ang kagamitang pandigma ay bahagi lamang ng larawan na inihayag ni Pablo sa Mga Taga-Roma 13:14—*Sa halip, paghariin ninyo sa inyong buhay ang Panginoong Jesu-Cristo, at huwag ninyong pagbigyan ang inyong makamundong pagnanasa.*

Si Jesus ang ating kasuotang pandigma! Gaano man kalakas ang ating kaaway, mas malakas ang naghahari sa ating buhay at Siya ay magtatagumpay laban sa kaaway. Habang tayo ay tumutugon sa mga pagsubok na kinakaharap natin sa paraang tulad ni Cristo, ang mga nagbabagang pana ng kaaway ay nawawalan ng saysay.

Pangalawa, **manalangin sa tulong ng Banal na Espiritu** sa lahat ng oras. Dapat tayong manalangin sa lahat ng pagkakataon at hindi lamang sa tuwing may pangangailangan tayo. Ipinapakita nito na gusto natin ang palagiang pakikipag-usap sa Diyos, ang pananalangin ayon sa gabay at kapangyarihan ng Banal na Espiritu para sa anumang haharapin natin. Ang mali nating kaugalian ay ang kagustuhan natin na subukang ayusin ang ating mga sitwasyon. Subalit sa pamamagitan ng panalangin, binibigyan natin ang Diyos ng daan para gumalaw sa ating mga sitwasyon. Kung tayo ang kikilos, tayo lamang ang kumikilos; subalit kung tayo ay mananalangin, ang Diyos ang kumikilos.

Pangatlo, **buong tapang nating ihayag ang ebanghelyo.** Sa tuwing inihahayag natin ang ebanghelyo, binibigyan tayo ng pagkakataon na palayasin ang kadiliman at wasakin ang gawa ng demonyo sa buhay ng mga tao. Gaya ng pangangailangan natin na manalangin sa lahat ng oras, dapat tayong magkaroon ng katulad na kaisipan tungkol sa paghahayag ng ebanghelyo. Dapat natin itong ipangaral sa lahat ng pagkakataon dahil ito ang kapangyarihan ng Diyos na nagdadala ng kaligtasan.

Dahil tayo ay mayroong awtoridad at kapangyarihan kay Cristo, hindi natin dapat katakutan si Satanas at ang mga plano niya laban sa atin. Lumalaban tayo mula sa posisyon ng katagumpayan na ipinanalo sa atin ni Cristo sa krus. At ang kapangyarihan at tagumpay na ito ay hindi lamang para sa ating mga sitwasyon. Maaari din nating ihayag ang tagumpay sa buhay ng mga taong nakapalibot sa atin habang tayo ay nananalangin para sa kanila sa tulong ng Espiritu at buong tapang na nagbabahagi ng ebanghelyo sa kanila.

# ISAPAMUHAY

Alin sa tatlong pamamaraan ng pagtalo sa kaaway ang kailangan mo pa sa buhay mo? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo upang gawin itong bahagi ng araw-araw mong espirituwal na disiplina?

Manalangin sa iba't ibang wika sa loob ng 2 minuto. Hingin sa Espiritu na ipakita ang isang bahagi sa buhay mo kung saan kailangan Niyang kumilos upang maranasan mo ang Kanyang kapangyarihan. Isulat ang mga natutunan mo.

Ano ang sinasabi ng Diyos na gawin mo ngayong ikaw ay nabubuhay sa pananampalataya at tagumpay at hindi sa pangamba? Mangako na lagi kang tutugon nang may pananampalataya, magsusuot ng mga kagamitang pandigma ng Diyos, aasa sa Espiritu, at maghahayag ng ebanghelyo habang patuloy na isinasagawa ang tawag sa iyo ng Diyos.

# MANALANGIN

Ama sa langit, alam ko na kakayanin ko lamang manindigan laban sa mga plano ng demonyo sa pamamagitan ng Iyong lakas. Nawa'y lumaban lamang ako gamit ang Iyong lakas at awtoridad, sa pagsuot ng Iyong mga kagamitang pandigma, pananalangin sa Espiritu, at paghahayag ng ebanghelyo sa bawat araw. Nawa'y parati kong ihayag ang Iyong katagumpayan sa aking buhay at sa lahat ng aking haharapin. Dalangin ko ito sa pangalan ni Jesus. Amen.

## Tuon sa Panalangin

- ☐ Personal na Panalangin (pahina 7)
- ☐ Panalangin para sa mga Kahilingan (pahina 8)
- ☐ Aking Iglesya (pahina 9)
- ☐ Aking Komunidad (pahina 9)
- ☐ Aking Bansa (pahina 9)

Purihin natin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo! Dahil sa pakikipag-isa natin kay Cristo, ibinigay niya sa atin ang lahat ng pagpapalang espiritwal mula sa langit.

MGA TAGA-EFESO 1:3

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

victory.org.ph victoryph # InChristPH